



Those (not really) IRS calls

(Hindi talaga) mga tawag ng IRS iyon

Abogado, FTC, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo

Maaaring nakatanggap ka ng isa sa mga tawag na ito: Sinasabi nilang IRS ito at magsasampa sila ng demanda laban sa iyo para sa mga buwis na hindi nabayaran. Maaaring silang manakot na aarestuhin o ipapa-deport ka. Ano ang gagawin mo? Panoorin ang video na ito para madagdagan ang kaalaman: (Mukhang Ganito ang mga Scam sa IRS)

Nakipagtulungan ang FTC sa AARP para lumikha ng isang serye ng mga video tungkol sa mga impostor na scam – kabilang ng mga impostor ng IRS, mga scam sa Medicare, at mga robocall. Habang nakatuon ang mga video sa mga nakatatandang Asyanong Amerikano at mga Taga-isla Pasipiko, ang mga tips ay nalalapat sa lahat. Noong nakaraang linggo, binigyang-diin namin ang mga scam sa Medicare; ngayong linggo, ito ang mga impostor ng IRS. Sa susunod na linggo, subaybayan ang tungkol sa mga robocall.

Sa video, maririnig mo ang kung paano nagsasalita ang mga tawag na ito – at pagkatapos ay matututunang matukoy at maiwasan ang mga scammer na ito. Kaya, kung nakatanggap ka ng tawag mula sa isang taong nagsasabing sila ay mula sa IRS:

- **Ibaba ang telepono.** Huwag magbigay ng personal o pampinansyal na impormasyon sa isang taong nagsasabing sila ay mula sa IRS. Kung nagdududa, tumawag nang direkta sa IRS sa 1-800-829-1040.
- **Huwag magpadala ng pera sa pamamagitan ng wire transfer, prepaid card o gift card sa isang taong nagsasabing sila ay mula sa IRS.** Scam iyon. Hindi mag-aatas ang IRS ng espesipikong uri ng pagbabayad.
- **I-report ang tawag.** I-report ang mga mapanlokong tawag na IRS sa Treasury Inspector General for Tax Administration (TIGTA, Inspektor Heneral ng Pananalapi para sa Pangasiwaan ng Buwis) sa tigta.gov o sa FTC sa ftc.gov/complaint. Kapag may nalalaman kami mula sa iyo, mas nakakatulong kaming malabanan ang mga scam.
- **Ipaalam sa iyong komunidad.** Ipaalam sa iyong pamilya at mga kaibigan ang tungkol sa mga impostor ng IRS.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil sa mga impostor na scam, bisitahin ang ftc.gov/imposters. At para matutunan ang tungkol sa pagpapatigil sa mga hindi ninanais na tawag, kabilang ang paggamit ng teknolohiyang call blocking, pumunta sa ftc.gov/calls.